
# Banal na Kabaliktaran

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Sis Techie M. Rodriguez-Founder Elder
Hunyo 29, 2024

Ang kamatayan ay parang magnanakaw sa gabi, hindi natin alam kung kailan darating. Ang kwento ng maysakit na labindalawang taong gulang na babae, at ng isang babaeng dinudugo ay magpapakita ng mga himala at kapangyarihan ni Hesus tungkol sa kamatayan. Para sa mga nananalig kay Hesus, ang kamatayan ay hindi nakakatakot, dahil sa Kanyang pangako na hindi tayo mahihirapan. Kung tayo ay may layunin at ginagawa natin ang misyon ng Diyos, tayo ay pagpapalain ng mahabang buhay. Manalangin tayo na nawa tatanda tayong produktibo.



**1. Pinahihintulutan ng Diyos ang pagkaantala, pagkagambala, pagkayamot at distraksyon.**

**1.1. PAGKAANTALA**

- Naantala ang pagpapagaling ni Hesus kay Lazaro. Naantala ng apat na araw ang Kanyang pagpunta kay Lazarus. Nang namatay si Lazaro, ang sabi Niya "Hindi magwawakas sa kamatayan ang sakit na ito" (Jn 11:4).
- Si Jairus ay tagapamahala sa sinagoga. Pagkakita kay Hesus, siya'y nagpatirapa sa paanan Niya at nagsumamo, "Agaw–buhay po ang anak kong dalagita. Kung maaari sumama Kayo sa akin at ipatong Ninyo sa kanya ang Iyong kamay upang gumaling at mabuhay," (Mk 5:22-24). Sumama naman si Hesus sa kanila ngunit sinundan Siya ng napakaraming tao.

**1.2. PAGKAGAMBALA**

- May isang babaeng Cananean ang lumapit at malakas na sinabi, "Panginoon, mahabag po Kayo sa akin! Ang anak kong babae ay inaalihan ng demonyo at masyadong nahihirapan" (Mateo 15:21-23).
- Dapat makinig tayo kung ginagambala tayo ng Diyos. Ang Kanyang paraan ay hindi natin paraan.

**1.3. DISTRAKSYON**

- Ang babaeng nagdurugo ang sanhi ng distraksyon ni Hesus sa pagpunta sa bahay ni Jairo. Siya'y labindalawang taon ng dinudugo at naubos na sa kapapagamot ang kanyang ari-arian, ngunit hindi siya mapabuti bagkus lalong lumubha. Gumawa siya ng paraan at pinilit niyang abutin ang damit ni Hesus. Agad siyang gumaling. (Marcos 5:25-29).
- Kung nagdurugo ang ating puso, hawakan natin si Hesus. Tatangkain ni Satanas na sirain ito. Ngunit nasa sa atin na kung tayo ay mahuhulog sa kasalanan (Gal.5).

**2. Huwag mangamba. Manalig ka lang.** Kapag tayo ay nananalangin, dapat alam natin kung ano ang ating ipinagdarasal dahil tinitingnan ng Diyos ang ating pananampalataya (Hebreo 11:6).

**2.1. Hipo ng Pananampalataya**. Alam ni Hesus na may kapangyarihan lumabas sa Kanya. Lumapit ang babae at ipinagtapat ang buong pangyayari. "Anak, pinagaling ka ng iyong pananalig" (Marcos 5:34).

**2.2. Hindi nag-alinlangan si Jairo sa kanyang pananampalataya**. Sinabi ng mga tao kay Hesus na patay na ang bata. Sinabi Niya, "Hindi patay ang bata, natutulog lang." Hinawakan Niya ito sa kamay at sinabi "Ineng, sinasabi ko sa iyo, bumangon ka! Bumangon ang bata at agad-agad lumakad (Marcos 5:39-42).

**Konklusyon:**

Ang paraan ng pagpapagaling ng Diyos noon ay parehong paraan hanggang sa ngayon. Manalig tayo sa Kanyang pangako. Kung tayo ay nagdududa, hindi tayo dapat umasa na tatanggap ng anuman. (Sant.1:6-8). Siya ang buhay na salita, "mula sa Kanya ang buhay, at ang buhay ay siyang ilaw ng sangkatauhan" (Jn. 1:1-5).

**Pagninilay:**

1. Paano mo haharapin ang pagkabigo, pagkaantala at kaguluhan sa iyong araw-araw na buhay?
2. Anong panalangin o kagalingan ang pinakahuli mong natanggap? Nagpatotoo o niluwalhati mo ba ang Diyos?

**SCRIBES Ministry:** Isinalin ni: Sis. Thess P. Sarmiento
Na-edit ni: Sis Nida Cruz
https://lordsflock.org/digests
Tags: #Pananampalataya, #Pagpapagaling